



Kumilos para Maiwasan ang Mapaalis sa Tirahan



Pagsuspindi ng CDC sa Pagpapaalis sa Tirahan



Iwasan ang Mapaalis sa Tirahan dahil sa Hindi Pagbabayad



Mga Serbisyo at Mapagkukunan



Pagsuspindi ng CDC sa Pagpapaalis sa Tirahan (Nakatakdang Magtapos sa Hulyo 31, 2021)

➤ **Ipagpaliban ang Pagpapaalis sa Tirahan Dahil sa Hindi Pagbabayad ng Upa**

Ang Centers for Disease Control and Prevention (CDC, Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit) ay naglabas ng Utos upang mapigilang ang pagkalat ng COVID-19. Ang Utos, at ang mga pagpapalawig sa Utos, ay pansamantalang sinususpindi ang mga pagpapaalis sa tirahan dahil sa hindi pagbabayad ng upa mula Setyembre 4, 2020 hanggang Hulyo 31, 2021, sa abot na ang aplikasyon nito ay hindi aabot sa ipinagbabawal ng utos ng pederal na hukom. Kung saan naaangkop, ang mga proteksyon ng CDC sa pagpapaalis sa tirahan ay maaaring ipagpaliban ang pagpapaalis sa tirahan dahil sa hindi pagbabayad ng upa NGUNIT ANG MGA PROTEKSYON AY HINDI AWOTOMATIKO!! Upang malaman kung kuwalipikado ka para sa mga proteksyon sa pagpapaalis sa tirahan, pag-aralan ang Deklarasyon ng CDC at panoorin ang video sa ibaba:

- ✓ **Deklarasyon sa Ingles:** https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/downloads/EvictionDeclare_d508.pdf
- ✓ **Ang Isinaling Deklarasyon** ay makukuha sa Amharic (አማርኛ), Haitian Creole (Kreyòl Ayisyen), Hindi (हिंदी), Russian (Русский), Somali (Soomaali), Espanyol (Español), Tradisyonal na Tsino (簡體字)
- ✓ **Video na makakatulong na maunawaan kung kwalipikado ka:** <https://www.youtube.com/watch?v=oODmNuXazqg>

Kung kwalipikado ka para sa proteksyon ng CDC sa pagpapaalis sa tirahan, dapat mong basahin at pirmahan ang Deklarasyon at ibigay ito sa iyong PHA (kung nakatira ka sa pampublikong pabahay) o landlord (kung kasali ka sa Voucher). Maaari mo itong gawin sa pamamagitan ng sulat, email, fax o sa personal. Magtabi ng kopya ng Deklarasyon para sa iyong mga rekord.

➤ **Ang Pagsuspindi ng CDC sa Pagpapaalis ng Tirahan ay Hindi Pinatatawad ang Bayad sa Upa**

- ✓ Dahil sa mga pederal na batas, hindi maaaring patawarin ng mga PHA ang hindi nabayaranang upa.
- ✓ Kung kuwalipikado ka para sa pagsuspindi ng CDC sa pagpapaalis sa tirahan, tandaang dapat pa ring bayaran ang upa at ang anumang mga halaga ng hindi nabayaranang upa ay patuloy na maiipon kung hindi mababayaran.
- ✓ **Ipagpatuloy ang pagbabasa** upang malaman kung anong mga mapagkukunan ang magagamit para sa iyo upang maiwasan ang mapaalis pagkatapos ng Hunyo 30, 2021.

➤ **Para sa mga Kasalukuyang Kwalipikado para sa mga Proteksyon ng CDC sa Pagpapaalis sa Tirahan - Mga Pagbabago Simula Agosto 1, 2021:**

- ✓ Maliban kung nagkabisa nang mas matagal ang moratoryo sa pagpapaalis ng tirahan sa ilalim ng batas ng estado at lokal na batas, maaari kang mapaalis ng iyong PHA o landlord (nagpapaupa) kung hindi mo nabayaran ang iyong upa o kung pumasok ka sa isang kasunduan ng pagbabayad kung ang kasunduan sa pagbabayad ay inialok ng landlord o ng PHA.
- ✓ **Iniaatas ng pederal na batas ang 30-araw na abiso sa pagpapaalis sa tirahan dahil sa hindi pagbabayad ng upa**, ngunit ang mas mahabang panahon ng abiso ay maaaring iatas ng batas ng estado o pederal.





Pigilan ang Mapaalis ng Tirahan Dahil sa Hindi Pagbabayad ng Upa – Gawin ang mga Aksyong Ito

- **Muling Patunayan ang Iyong Kita.** Kung nabawasan ang iyong kita o nagbago ang iyong mga kalagayan, hilingin sa iyong PHA na muling patunayan ang iyong kita.
 - ✓ Pag-aaralan ng PHA ang kasalukuyan mong kita at aayusin ang iyong upa upang sumalamin sa pagbabago.
 - ✓ **Tip!** Kung hindi agad na iniulat ang pagbabago sa kita, tanungin ang PHA ng tungkol sa kanilang patakaran sa mga retroaktibong pag-aayos ng upa (maaaring pahintulutan ng ilan ang mga ito, maaaring hindi gawin ng iba).
 - ✓ Kung nagkaroon ka ng kahirapang pinansyal, itanong sa PHA kung karapat-dapat ka para sa minimum rent hardship exemption (iksemsyon dahil sa kahirapan para sa pinakamababang upa).
- **Lump Sum (Buo) na Kabayaran.** Maaari mong bayaran ang nakaraang upa sa lump sum bago lumampas ang Hulyo 31, 2021.
 - ✓ **Tip!** Ang mga stimulus payment, \$300/linggo o mga “Dagdag” na kabayaran sa pagkawala ng trabaho sa COVID, mga refund sa buwis sa kita, at mga kabayang kredito ng buwis para sa bata ay hindi isinama sa iyong taunang kalkulasyon ng kita at maaaring magamit bilang mapagkukunang makakatulong sa iyong hindi nabayarang upa.
 - ✓ Kung hindi mo natanggap ang stimulus payment, mangyaring bumisita sa webpage na ito upang alamin ang katayuan ng kabayaran sa iyo at sagutan ang isang simpleng form: <https://www.irs.gov/coronavirus/get-my-payment>.
- **Emergency Rental Assistance Program (ERAP, Programa ng Pang-emerhensyang Tulong sa Upa).** Kung may pagkakautang kang upa at nanganganib na mapaalis sa tirahan, maaari kang maging kwalipikado para sa bagong makukuhang tulong sa upa. Ang impormasyon tungkol sa programang ito ay makukuha rito: <https://home.treasury.gov/policy-issues/cares/emergency-rental-assistance-program>. Ang pagpapatupad at mga priyoridad ay iba-iba ayon sa estado/lokalidad.
- **Mga Lokal na Mapagkukunan.** Maaaring alam ng iyong PHA ang tungkol sa iba pang mga mapagkukunan upang makatulong sa upa, mga utilidad at iba pang mga pangunahing pangangailangan.
 - ✓ I-dial o bumisita sa 211.org para sa impormasyon tungkol sa pang-emerhensyang tulong na pinansyal.
 - ✓ **Ipagpatuloy ang pagbabasa** upang mahanap ang listahan ng mga mapagkukunang magagamit para sa iyo.
- **Kasunduan sa Pagbabayad.** Kung hindi mo kayang agad na bayaran nang buo ang iyong upa, tanungin ang iyong PHA o ang iyong landlord (kung ikaw ay kasali sa Voucher) kung maaari kang pumasok sa kasunduan sa pagbabayad para sa anumang hindi nabayarang upa.
 - ✓ Ang pagpasok sa kasunduan sa pagbabayad ay nasa pagpapasya ng PHA o landlord.
 - ✓ **Mga kasali sa pampublikong pabahay:** ang mga tuntunin sa kasunduan sa pagbabayad ay nakasaad sa Admission and Continued Occupancy Policy (ACOP, Patakaran sa Pagtanggap ang Patuloy na Pag-okupa) ng PHA at sa nakasulat na kasunduan sa pagbabayad.
 - ✓ **Mga kasali sa voucher:** kakailanganin mong direktang makipag-usap sa nagpapaupa sa iyo upang malaman ang mga tuntunin sa kasunduan sa pagbabayad.
- **Mga Karapatan ng Nangungupahan at mga Maling Pagpapaalis sa Tirahan.** Kung sa tingin mo ay naging mali ang pagpapaalis sa iyo, makipag-ugnay sa iyong lokal na organisasyon ng legal aid o mga ahensyang nagbibigay ng serbisyong panlipunan.
 - ✓ **Mga kasali sa pampublikong pabahay:** may karapatan ka sa isang pamamaraan para sa karaingan gaya ng nakasaad sa iyong lease (kasunduan sa upa).
 - ✓ **Mga kasali sa voucher:** maaari ka ring makipag-ugnay sa iyong lokal na PHA.
 - ✓ **Tip!** Ang karagdagang impormasyon tungkol sa **legal na tulong na makukuha sa iyong lugar** ay makukuha sa Legal Services Corporation (<https://www.lsc.gov/what-legal-aid/find-legal-aid>), sa ACL Elder Care Locator (<https://eldercare.acl.gov/Public/Index.aspx>), at LawHelp.org (<https://www.lawhelp.org/>).¹
- **Makipag-ugnay sa HUD upang lulat ang Diskriminasyon.** Kung naniniwala kang nakaranas ka ng diskriminasyon, hinihikayat ka ng HUD na maghain ng reklamo sa pamamagitan ng telepono o online.
 - ✓ Tumawag sa: 1-800-669-9777
 - ✓ Online: https://www.hud.gov/program_offices/fair_housing_equal_opp/online-complaint

¹Ibinibigay ng HUD agn mga link na ito para lamang sa kaalaman mo. Hindi sinuri at hindi ini-endorso ng HUD ang mga website na ito.



Mga Serbisyo at Mapagkukunang Para sa Iyo na Nauugnay sa COVID

Ang HUD ay nagbibigay ng ilang mapagkukunan sa dokumentong ito para lamang sa kaalaman mo. Hindi sinuri at hindi ini-endorso ng HUD ang mga website na ito.

- **Information Resource Center (IRC, Tanggapan ng Mapagkukunan ng Impormasyon) ng HUD:** para sa pangkalahatang impormasyon tungkol sa mga programa ng HUD, mag-email sa HUD-PIHRC@ArdentInc.com o tumawag sa 1.800.955.2232
- **Pambansang Hotline para sa Karahasan sa Tahanan:** Ang <https://www.thehotline.org> o 1 (800) 799-7233 o TTY 1 (800) 787-3224 – ay isang kumpidensyal na hotline para sa sinumang nakakaranas ng karahasan sa tahanan, naghahanap ng impormasyon, o kinukuwestiyon ang mga nakakasamang aspeto ng kanilang relasyon. Kung hindi ka ligtas na makapagsalita sa telepono, i-text ang LOVSIS sa 1 (866) 331-9474 o bisitahin ang website para simulan ang online chat.
- **211:** I-dial ang 211 o bisitahin ang 211.org at maghanap sa pamamagitan ng zip code. Ito ay isang hotline na maaaring kumonekta sa iyo sa pang-emerhensyang tulong gaya ng tulong sa upa at utilidad, at iba pang mga sumusuportang serbisyo sa iyong komunidad. Ang lahat ng tawag ay kumpidensyal, maaaring gawin nang hindi kailangang ipakilala ang sarili, at maaaring humiling ang mga tumatawag ng mga serbisyo sa pagsasalin para sa 180 wika.
- **Unemployment Insurance (Seguro sa Pagkawala ng Trabaho):** www.usa.gov/unemployment – Alamin kung karapat-dapat ka para sa mga benepisyo dahil sa pagkawala ng trabaho at kung paano mag-apply sa iyong estado. Nagkakaloob ang mga bagong pederal na batas ng mga benepisyo dahil sa pagkawala ng trabaho para sa mga self-employed (may sariling hanapbuhay) at mga gig worker, magdadagdag ng **karagdagang \$300 sa mga lingguhang benepisyo**, at pinahahaba ang bilang ng lingguhang benepisyonng makukuha. Bukod dito, ang mga estado ay pinahihintulatang magbigay ng mga bagong benepisyo para sa pagkawala ng trabaho na nauugnay sa COVID-19, gaya ng kapag umalis sa trabaho ang isang tao dahil sa panganib na mahantad o impeksyon o para alagaan ang isang miyembro ng pamilya; pansamantalang pinahinto ng employer ang mga operasyon dahil sa COVID-19, na nangangahulugang hindi makakapasok sa trabaho ang mga empleyado; o isang taong naka-quarantine ngunit inaasahang babalik sa trabaho pagkatapos ng quarantine.
- **Mga Economic Impact Payment (Mga Stimulus Payment):** <https://www.irs.gov/coronavirus/get-my-payment> Alamin kung karapat-dapat ka para sa mga Economic Impact Payment na hanggang **\$1,400** at kung paano makukuha ang kabayaran sa iyo. Kung hindi ka pa nakakatanggap ng mga nakaraang stimulus payment (ang una at pangalawa ay inilabas noong 2020 at Enero 2021), ang site na ito ay naglalaman din ng impormasyon sa kung paano mo matitingnan ang pagiging karapat-dapat at kunin ang mga kabayaranang iyon.
- **Libreng Paghahanda ng Buwis at mga Bagong Kredito ng Buwis para sa Anak:**
 - <https://www.irs.gov/individuals/free-tax-return-preparation-for-qualifying-taxpayers> – Kumuha ng libreng tulong sa pag-file ng iyong mga buwis na ibinibigay ng mga may kasanayang boluntaryo, o mag-e-file nang libre online. Kung hindi ka karaniwang nagpa-file ng ulat ng buwis at may mga anak, dapat mong isaalang-alang ang pag-file ngayong taon nang sa gayon ay maging kuwalipikado ka para sa bagong credito ng buwis para sa bata. Tinaasan ng isang bagong pederal na batas ang mga kredito ng buwis para sa bata ng hanggang \$3,000 para sa bawat batang nasa edad na 6 na taon at pataas at \$3,600 para sa bawat batang wala pang 6 na taon. **Ang mga buwanang kabayaran ay maaaring ipadala ng kasing-aga ng ngayong panahon ng tag-init, ngunit ang mga pamilya ay dapat mag-file ng ulat ng buwis upang matanggap ang mga pondo.** Ang deadline sa pagpa-file para sa 2020 ay sa May 17, 2021
 - **Ang Helpline para sa Kahirapan sa Panahon ng Sakuna:** Ang 1 (800) 985-5990 (tumawag o mag-text) – ay isang pambansang hotline na nakatuon sa pagkakaloob ng agarang counseling sa panahon ng krisis para sa mga taong nakakaranas ng pagkabagabag ng kalooban na nauugnay sa anumang sakuna, kabilang ang COVID-19.
 - **Ang Community Action Agency (Ahensya para sa Aksyon ng Komunidad):** <https://communityactionpartnership.com/find-a-cap/>– Makipag-ugnay sa iyong lokal na Community Action Agency (Ahensya para sa Aksyon ng Komunidad) upang malaman kung anong mga serbisyo ang maaari nilang ipagkaloob, gaya ng pang-emerhensyang tulong sa pagbabayad para sa upa at mga utilidad.
 - **Tulong sa mga Bayarin:** www.usa.gov/help-with-bills Alamin pa ang tungkol sa mga programa ng gobyerno na makakatulong sa pagbabayad ng serbisyo sa telepono, mga singil sa kuryente at iba pang mga gastusin.
 - **Pagiging Karapat-dapat sa mga Benepisyo:** www.benefits.gov – Alamin ang mga benepisyo sa gobyerno na maaari kang maging karapat-dapat, gaya ng Temporary Assistance for Needy Families (TANF, Pansamantalang Tulong para sa mga Nangangailangang Pamilya), tulong sa pagkain, at pangangalagang pangkalusugan.
 - **Impormasyon Tungkol sa Bakuna Laban sa COVID-19:** <https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/vaccines/> – Alamin pa ang tungkol sa Bakuna Laban sa COVID-19, kabilang ang kung gaano kabisa ito, kung ligtas ito, at kung paano ka makakakuha nito.
 - **Mga Mapagkukunang Pang-edukasyon:** <https://bealearninghero.org/parentstrong-2/> – Humanap ng mga mapagkukunan at suportang pang-edukasyon para sa mga magulang na tinutulungan ang kanilang mga anak na mag-aral sa bahay o nagnanais lamang ng mga karagdagang mapagkukunang pang-edukasyon para sa kanilang mga anak.